Australian Government

BE COVIDSAFE

COVID-19: Kilalanin ang mga Sintomas

Mga Sintomas		COVID-19 Ang mga sintomas ay mula katamtaman hanggang palubha	Sipon Dahan-dahang pagsulpot ng mga sintomas	Trangkaso Biglaang pagsulpot ng mga sintomas	Mga Alerdyi* Maaaring biglaan o dahan-dahang pagsulpot ng mga sintomas
Lagnat		Madalas	Madalang	Madalas	Hindi
Pag-ubo		Madalas	Madalas	Madalas	Madalas (hika)
Namamagang Lalamunan		Minsan	Madalas	Minsan	Minsan (Makating lalamunan at ngala-ngala)
Pangangapos ng Hininga		Minsan	Hindi	Hindi	Madalas (hika)
Pagkahapo		Minsan	Minsan	Madalas	Minsan
Pananakit at Pagkirot		Minsan	Hindi	Madalas	Hindi
Pananakit ng Ulo		Minsan	Madalas	Madalas	Minsan
Tumutulo o Baradong Ilong		Minsan	Madalas	Minsan	Madalas
Pagtatae		Madalang	Hindi	Minsan, lalo na sa mga bata	Hindi
Pagbahing		Hindi	Madalas	Hindi	Madalas

*Hango mula sa materyal na binuo ng WHO, ng US Centers for Disease Control and Prevention; at ng American Academy of Allergy, Asthma and Immunology. *Kabilang sa mga pangrespiratoryong alerdyi ang allergic rhinitis (hay fever), at allergic asthma. Kabilang sa iba pang madalas na sintomas ng hay fever ang nangangating ilong at nangangati, naluluhang mga mata. Napakahirap makita ang pagkakaiba ng mga sintomas ng COVID-19, trangkaso at sipon. Kung mayroon kang mga sintomas na nakakahawa o pangrespiratoryo (gaya ng namamagang lalamunan, pananakit ng ulo, lagnat, pangangapos ng hininga, pananakit ng kalamnan, pag-ubo o tumutulong sipon) huwag pumasok sa trabaho. Kailangan mong maghiwalay ng sarili at matingnan ng propesyonal sa kalusugan. Maaaring kailangan mong magpasuri para sa COVID-19. Hindi ka dapat bumalik sa trabaho hangga't hindi pinapayagan ng isang propesyonal sa kalusugan. Kailangan mong masiguro na ang mga taong pinagmamalasakitan mo ay protektado at ligtas. Ang mga tao na may mga sintomas ng pangrespiratoryong alerdyi gaya ng allergic rhinitis (hay fever), at allergic asthma ay dapat manatili sa bahay at magpasuri para sa COVID-19 sa pagsisimula ng kanilang mga sintomas at kung makaranas sila ng mga sintomas na hindi inaasahan, tila naiiba o mas malala kaysa sa karaniwan o hindi nagagamot ng kanilang karaniwang gamot.*

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa **Coronavirus (COVID-19)**, bisitahin ang **health.gov.au**
Bisitahin ang www.**health.gov.au/resources/translated** o para sa mga serbisyo sa pagsasaling-wikang pasulat at pagsasaling-wikang pasalita, tumawag sa **131 450**.

DTDT0001045